# Chapter One

Papalubog na ang araw. Nag-aagawan na ang kulay kahel at pula sa langit. May mga uwak na masigasig na nagliliparan sa hangin. Mabilis na nagsagwan si Roquita pabalik sa pampang para hindi maabutan ng gabi sa tubig.

Pangingisda ang kanyang ikinabubuhay. Ang gusto niya talaga ay maging guro, ngunit dahil isa siyang Sama-Badjao, limitado ang mga oportunidad niya. Nabubuhay sila sa yamang-dagat, pero minsan, maging ang dagat ay natututo ring magkait sa kanila. Ang tumal na ng mga isda ngayon. Hindi tulad noong buhay pa ang kanyang lolo, sagana ang biyaya ng karagatan.

Kung nakapag-aral lang sana siya ng kolehiyo, nakahanap siguro siya ng mas magandang trabaho. High school lang sa bayan ang natapos niya. Marami sa mga Sama-Badjao ang hindi nakatapos ng elementarya. Mangyari ay nagsilbi siya sa tahanan ng principal nila. Pag-aaralin sana siya nito sa kolehiyo pero dahil nag-aaral din ang apat na anak nito—dalawa ang kumukuha ng medisina sa unibersidad sa Cebu—hindi na siya naisingit.

Mayamaya pa ay naabot na ni Roquita ang dikit-dikit na pamamahay na ang mga haligi ay nakabaon sa buhangin sa ilalim ng dagat. Di nagtagal ay naroon na siya sa bahay ng lolo niya. Sa lolo na niya siya lumaki, kasama ng mga ulila niyang pinsan. Galing silang Basilan. Dahil sa giyera ay lumipat sila rito sa Zamboanga.

Napansin niyang maraming tao sa loob ng bahay. Baka may kamag-anak silang dumating. Itinali niya ang vinta sa isang poste at umakyat sa hagdan. Nasa pintuan siya nang masilayan kung sino ang naroon: ang nakakatanda niyang pinsang si Rolanda. Nagsisiksikan sa tabi nito ang mga bata nilang pamangkin at pinsan dahil may dala itong isang lata ng *Rebisco*.

“Nandito ka pala, Ate,” sabi niya sa pinsan. Katabi nito ang anak na si Abong.

Suma-sideline si Rolanda na firedancer sa mga resorts. Iniwan nito ang anak sa kanila dahil hindi raw kaya ng suweldo nito na bumuhay ng anak. Hindi ito pinanagutan ng lalaking nakabuntis dito kaya naging dalagang-ina.

“May gusto kasi akong ipakisuyo sa ’yo,” ani Rolanda. “Ipapahatid ko sana si Abong sa ’yo sa Maynila. Doon sa ama niya.”

Hindi siya agad nakapag-react. Gusto rin niyang makapunta ng Maynila at baka makahanap siya roon ng disenteng trabaho, ngunit lagi siyang pinipigilan ng abuelo.

“Nakita ko kasi sa *Facebook* na ikakasal na ang ama nito,” patuloy ni Rolanda. “Naisip ko na siguro kung makita lang niyon si Abong ay baka maalala pa niya ako.”

Kumuha siya ng pambihis na malong sa mula sa karton na nasa isang tabi. Pito silang nakatira sa bahay ng kanyang lolo kaya halos umapaw ang mga karton nila ng mga damit at gamit. Nagbihis si Roquita at umupo sa tabi ng pinsan.

“Sigurado ka bang kung magpunta kami doon ay hindi kami ipagtatabuyan ng ama ni Abong?” Narinig

niyang noong kakausapin sana ni Rolanda ang lalaki tungkol sa pagbubuntis ay itinaboy lang nito ang pinsan. Hindi naniwala ang lalaki na ito ang ama ng bata.

"Hindi ko alam. Siguro ako itataboy, pero si Abong baka hindi. Kamukhang-kamukha ng anak ko 'yong ama niya." Tiningnan nito ang pitong taong gulang na anak na kumpara sa mga pinsan ay mas maputi at tsinito.

Ikinuwento sa kanya ng nanay ng kaibigan niyang si Amya na tingin nito ay ginayuma ni Rolanda ang ama ni Abong. Mukha raw hindi talaga papatol kay Rolanda ang lalaki. May hitsura raw iyon at mayaman.

Hinawakan ni Rolanda ang mga palad niya. "Sige na, Roquita. Ihatid mo ang anak ko doon. Bibigyan kita ng pamasahe."

"Sige," agad niyang pagpayag. "Kelan ba kami aalis ni Abong?"

"Kung puwede bukas ay bukas din."

Pumayag siya at pumayag din ang kanilang lolo dahil mahal nito si Abong at gusto rin ng matanda na mabuo ang pamilya ng apo. Excited silang nag-empake ng pamangkin.

Inilagay ni Roquita ang kakarampot na gamit sa malaking bag na pinaglagyan ng mga relief goods noong binagyo sila, tatlong taon na ang nakakaraan. Pinakahuli niyang inempake ang berdeng bandana na hilig niyang gamitin kapag may mga lakad. Malaki iyon, puwede niyang gawin kumot o tuwalya. Kung ginawin man siya sa biyahe ay may pambalabal siya sa katawan. Maganda rin iyon dahil galing sa kaibigan niyang T'boli na mismong naghabi ng tela. Hindi iyon makapal tulad ng tipikal na T'nalak. Ginamitan iyon ng kaibigan ng mas malambot na

himaymay.

Walong libong piso ang ibinigay ni Rolanda kay Roquita kasama ang isang cellphone para may komunikasyon sila. Isinulat ng pinsan sa isang maliit na papel ang address ng *Olande Solar, Inc.*—doon nila hahanapin ang ama ni Abong.

Sumampa sila ng pamangkin sa barko papuntang Maynila. May mga kasakay silang Badjao na paluwas din—para mamalimos.

May isang Badjao, si Algur, na nanghihimok sa mga kapwa Badjao na sumama rito sa Maynila para manlimos. Kinausap na siya ng lalaki noon, pero hindi pumayag ang kanyang lolo. Naranasan na rin daw ng matanda ang magpagala-gala sa Maynila at hindi raw iyon magandang karanasan. Pakiramdam umano nito ay naalipusta lang ito roon. Mangisda na lang daw sila. Mas disente raw iyong trabaho.

Kinabahan si Roquita nang magsimula na silang maglayag, nakadama ng pag-asa. Ano kaya ang masasaksihan niya sa Maynila? Sana maganda. Kinuha niya sa bag ang berdeng bandana at itinali iyon sa kanyang buhok. Lumapit sila ni Abong sa railing para tanawin ang karagatan.

Dalawang araw silang nagbiyahe. Alas cuatro ng umaga sila dumating ng North Pier. Bumangon sila at nag-ayos para makabuntot sa mga kasamahang Badjao. Sasama muna sila sa grupo habang hindi pa nila alam kung paano magpunta ng Ayala sa Makati.

May dumating na dalawang jeep at doon sumakay ang mga kasamahang Badjao. Nakisakay sila roon ni Abong. Nagbiyahe sila ng isa at kalahating oras at

maliwanag na ang langit nang huminto sila sa isang bodegahan.

Pagbaba ng jeep, napansin ni Roquita na marami na ring Badjao ang nakapuwesto sa bodegahan. Mukhang evacuation center ang lugar. Marami pa ang tulog sa mga banig na nakalatag sa malamig na sahig. Wala pa naman kasing alas seis.

Pinapila sila ni Algur para sa kanilang agahan, isang tasa ng kanin at isang ulo ng manok para sa isang tao. Ngayon lang daw ito, bukas ay sila na ang bahala sa kakainin nila. Bibigyan sila ng grupo ng matutuluyan at proteksyon kapalit ng araw-araw na pagre-remit ng mga nakuhang limos.

Kumakain sila ni Abong nang muling lapitan ni Algur.

"Oy, Quita, akala ko may pupuntahan kayo?"

"Hindi pa kasi namin alam kung paano magpunta doon," sagot niya.

"Walang libre-libre dito, ha. Kailangan ninyong mag-remit araw-araw!"

"Sige," sabi na lang niya bago binalikan ang pagkain dahil gutom siya.

Nakita niya ang isang kakilala, si Baloy, nang magising ito. Ikinuwento niya rito ang pakay nila ni Abong.

"Kung ako sa 'yo, doon ka tumuloy kina Manda. May barong-barong sila doon sa Malate. Marunong pa 'yon ng pasikot-sikot dito sa Maynila."

"Tulungan mo naman kami. Paano ba kami makakapunta doon?"

"Sige, sasamahan ko kayo. Basta libre ang pamasahe, merienda at ang pang-remit ko kay Algur, ha.

Mangangain kasi 'to ng oras."

"Sige! Sige! Walang problema basta madala mo kami doon."

Hindi na sila nagpatumpik-tumpik pa. Sumama sila kay Baloy nang lumabas ito ng gate. Sumakay silang muli ng jeep at mahigit isang oras na nagbiyahe bago iyon huminto sa isang kalsada. Naglakad sila hanggang makarating sa magkakatabing barong-barong. Nakita niya agad si Manda na naglalaba sa labas ng bahay nito.

Natuwa naman ang ginang pagkakita sa kanya. Pinatuloy sila nito. Kinailangan niyang yumuko para hindi mauntog sa pintuan. Ang liit ng barong-barong. Parang dalawang dipa sa dalawang dipa lang ang laki. Dalawang tao at isang sanggol ang nakatira roon. Hindi niya alam kung paano sila makikisiksik.

Sinabi ni Roquita kay Manda ang sadya nila. Pumayag naman itong samahan sila, at niyaya pa silang sa barong-barong nito magpalipas ng gabi. Maaari rin daw silang dumoon muna habang wala pa silang matitirhan sa Maynila.

Nang sumunod na araw ay nag-ayos sila para makapunta ng Makati. Nagbihis sila ni Abong nang maayos para naman hindi sila basta-basta ipagtabuyan.

May nabili siyang malinis na T-shirt at pantalon sa ukay-ukay. Mapagtatiyagaan pa siguro ang sandalyas niya. Pinaliguan ni Roquita ang pamangkin at binihisan ng pulang T-shirt, pantalon at bagong tennis shoes.

Naglakad sila ni Manda papuntang highway at sumakay ng jeep nang dalawang beses. Hindi nagtagal ay tumambad sa kanila ang matatayog na gusali. Nakaramdam si Roquita ng panliliit, paano ay

bihis na bihis ang mga taong nakikita niya. At parang nakakahiyang pumasok sa gusaling hinintuan nila para hanapin si Waldo Ty.

Nagtanong si Manda sa guwardya. Itinuro ng lalaki ang reception desk, mag-iwan daw sila ng ID. Mabuti at mukhang alam ng kasama ang gagawin. Kung siya lang ay baka tatanga-tanga siya.

Iniabot ni Manda ang *Philhealth* Indigent card nito saka nagtanong kung paano sila makakapunta ng Room 756. Itinuro sa kanila ng babae sa reception ang elevator. Ang problema, sila lang ang paakyat doon. Hindi nila alam kung paano paandarin ang elevator.

Naghintay sila hanggang sa may dumating na lalaki. Bumuntot sila rito. At habang paakyat ay nagtanong sila sa lalaki kung saan makikita ang Room 756, pero parang hindi nito naintindihan ang tanong nila. Nag-i-English ito at hindi maintindihan si Manda.

"Sorry! Sorry!" sabi nito bago lumabas ng mga pintuan na kusang bumukas.

*Hala! Paano na sila?* Pinindot ni Manda ang isa sa mga buton at muling gumalaw ang elevator. Nang bumukas ang mga pinto, lumabas sila. Lumapit siya sa bintana at nalula nang mapatingin sa ibaba. Naabot yata nila ang langit!

"Hala, paano na kaya tayo bababa?" tanong ni Manda. Pinindot nila ang buton ngunit hindi bumukas ang elevator.

Pagbaling ni Roquita ay wala na si Abong sa tabi niya. Hinanap niya ang bata at nakita ito sa isang sulok nakatingin sa labas ng bintana. Tinakbo niya ito para hatakin pabalik kay Manda. Naabutan niyang may kausap

ang kaibigan.

"Hindi kasi namin alam, Sir, kung paano puntahan ito." Inabot nito ang papel na kinasusulatan ng office address ng ama ni Abong.

"Doon din po ako papunta," sagot ng tsinitong kausap ni Manda. Guwapo ang lalaki at matangkad, at mukhang ismarte sa suot na coat and tie. "Ano po ba ang kailangan n'yo doon?"

"Ito kasing kakilala ko, hinahanap ang ama ng pamangkin niya," ani Manda. "Ano nga ang pangalan, Roquita?"

"Waldo Ty po, Sir."

Nanlaki ang mga mata ng lalaki pagkarinig sa pangalan. Tintigan nito ang kasama nilang bata at napaawang ang mga labi nito. Bigla itong bumunot ng cellphone mula sa bulsa.

"Excuse me po," sabi nito bago lumayo. May kinausap ito sa telepono, pagkatapos ay lumapit itong muli sa kanila.

"I'm Attorney Lim. Isa akong abogado sa firm na nagri-represent sa kompanya ni Waldo Ty. Sasamahan ko kayo papunta sa opisina niya."

"Ay, salamat naman," sabi ni Manda.

Bumuntot sila sa lalaki nang sumakay ito ng elevator. Nang bumukas ulit ang mga pinto, lumabas sila at naglakad sila patawid sa maliwanag na lobby. Lumiko sila sa isang pintuan at pumasok sa isang napakalinis na silid. Puti ang lahat ng mga gamit, maliban sa sofa at sa lalagyan ng magazine.

Tumango sa kasama nilang abogado ang mestisang receptionist nang dumaan sila sa mesa nito. Nang

pumasok sila sa maikling lobby, bumulaga sa kanila ang maraming lamesa at cubicles kung saan abala ang lahat sa kani-kanilang trabaho. Dumerecho sila sa isang kuwarto at isang may-edad na sekretarya ang humarap sa kanila.

"The clients will be out soon. Hintayin n'yo lang."

Umupo sila sa sofa. Hindi nagtagal ay lumabas ang mga bisita mula sa loob. Sinenyasan sila ng abogado na pumasok.

Isang puting silid uli ang kanilang natunghayan. May itim na desk na nasa tapat ng mga bintana. Sa likod niyon nakaupo ang isang guwapong tsinito na walang emosyon ang mukha. Matagal nitong tiningnan si Abong na kamukhang-kamukha nito.

Si Roquita na ang nagsalita. "Sir, pinakiusapan po kasi ako ng pinsan ko na ihatid dito ang bata. Kung nagdududa po kayo na kayo ang ama niya, puwede n'yo pong ipa-DNA."

Hindi nakasagot ang lalaki. Siguro hindi nito alam kung ano ang sasabihin. Ngayong nandito na ang bata ay siguradong hindi na talaga nito maitatanggi na ito ang ama ni Abong.

Tumingin si Waldo Ty sa abogado. "Send them to my pad. I'll talk to them ASAP."

"Okay, Mr. Ty," sabi ni Atty. Lim bago sila sinenyasan na sumunod sila dito.